# DIPLOMA O DISKARTE: DIREKSYON SA DALAWANG LANDAS NG TAGUMPAY

*by:*
**Irene J. Lulunan**
*Teacher I, Mariveles National High School- Malaya*

Sa pag-usbong ng panahon, mas umalingawngaw sa isipan ng maraming mag aaral ang isang katanungan- “Diploma o Diskarte?” Nagbigay hamon ang usaping ito sa maraming indibidwal kung anong landas nga ba ang nararapat nilang tahakin. Nararapat nga ba ito’ng paghambingin at maging usapin ng pagpili? o sa bawat landas na ating tatahangin ay nangagailangan ng pag kakabalanse ng dalawa patungo sa tagumpay?

Ang diploma ay sumisimbolo sa pinto ng kinabukasan, ito ang nagbubukas ng bagong yugto at oportunidad sa ating buhay. Ngunit para sa iba, wala itong halaga. Ayon sa Corcuera 2023 ang diploma ay tunay na mahalaga dahil nagpapahiwatig ito na nakatapos ang isang indibidwal ng kaniyang pag-aaral at ang pagkakaroon nito ay ang pinakamabisang paraan upang madaling matanggap sa inaasam-asam na propesyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Gayunpaman, hindi nasusukat sa talino at diploma ang tunay na alon ng buhay. Bago magkamit ng diploma, marami munang madaraanang pagsubok at balakid. Kaya upang malampasan ang mga ito, kailangang maging ma-diskarte. Ayon sa Menguin, 2023 tumutukoy ang diskarte sa iba’t ibang uri ng katangian tulad ng pagiging maparaan, maabilidad, at mapanuri. Ito ay isang “survival talent” na karaniwang nakukuha depende sa pangangailangan at karanasan.

Kung pagtutuunan natin ng pansin, karamihan sa kabataan ay hindi pinagkalooban ng pribilehiyo na makapag-aral kung kaya’t pinipili nilang dumiskarte upang may pangtustos sa araw-araw. Sa kabilang dako, may iilang estudyante naman ang napagsasabay ito ngunit hindi ganoon kadali.

Sa kabuuan, hindi dapat pag-debatihan at timbangin kung ano ang mas mahalaga sa dalawa. Bagkus, nararapat itong pagbalanse-hin nang magamit sa pagpapalawak ng kakayahan. Edukasyon ang pundasyon ng kaalaman at kahusayan, samantalang ang diskarte ay nagbibigay daan upang ito'y mahasa at magamit sa tunay na mundo. Sa huli, matatamasa ang tagumpay kung pagsasabayin ang edukasyon at diskarte. Sa pamamagitan nito magkakaroon ng pagkakataon ang bawat isa na ipakita ang kanilang kaalaman, at kakayahan na posibleng magamit sa pag-unlad ng sarili at ng lipunan.

*References:*

https://www.researchgate.net/publication/380856226_DIPLOMA_O_DISKARTE_AN_ETHICAL_DILEMMA_IN_THE_EDUCATION_IN_THE_PHILIPPINES

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan